ANG **Bayan**

**Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas**
**Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo**

Tomo L Blg. 11
Hunyo 7, 2019
www.philippinerevolution.info



**EDITORYAL**

# Ilantad at labanan ang bulok at pahirap na kongreso ni Duterte

Mabilis na uminit ang pag-aagawan ng mga burukrata-kapitalista sa pwesto pagkatapos ng eleksyon. Hindi bababa sa apat ang nagpahayag ng intensyong maging Speaker (o pinuno) ng Mababang Kapulungan. Sa Senado, nagbabrasuhan ang mga senador para makuha ang pamumuno ng makapangyarihang mga komite.

Nagriribalan man, ang totoo'y nagkakaisa ang mga pulitiko at partidong ito sa adyenda at kumpas ni Duterte. Lahat sila'y bahagi ng supermayorya ni Duterte sa dalawang kapulungan. Sa Kongreso, ang apat na naghahangad maging Speaker ay pawang mga tapat na alagad ni Duterte. Dalawa ay mula sa PDP-Laban—si Lord Allan Velasco ng Marinduque at dating Speaker na si Pantaleon Alvarez. Mula naman sa Nacionalista Party (NP) si Alan Peter Cayetano ng Taguig City na tumakbong bise ni Duterte noong 2016. Manok naman ng Lakas-CMD si Martin Romualdez ng Leyte at pinsang-buo ni Imee Marcos. Sa ngayon, wala ni isa sa kanila ang malinaw na makakukuha ng mayoryang boto.

Sa Senado, umugong ang balitang papalitan ni Cynthia Villar ng NP ang nakaupong presidente nitong si Vicente Sotto. Suportado siya ng mga bagong senador mula sa Hugpong ng Pagbabago (HNP), na nagbantang gagawa ng "bagong mayorya" sa Senado kung hindi ibi-

*"Bulok..," sundan sa pahina 2*

## *Writ of Amparo* at *habeas data,* inilabas

INILABAS NG KORTE Suprema ang *writ of amparo* at *habeas data* pabor sa mga grupong Karapatan, Gabriela at Rural Missionaries of the Philippines nitong Mayo 24. Sa ilalim ng mga kautusang ito, inoobliga ang mga ahensya ng estado na itigil ang pagtugis at pagbabanta laban sa mga grupong ito habang hindi nito napatutunayan o nabibigyang-katwiran ang ganitong mga hakbangin.

Ang apela ay isinampa ng naturang mga grupo matapos ang walang-lubay na pagbabanta ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa kanila sa anyo ng pagtaguri sa mga ito bilang mga "prenteng organisasyon" ng PKP. Iginigiit ng mga grupong ito na ang sunud-sunod na pagpatay, pagsasampa ng gawa-gawang

*"Writ...," sundan sa pahina 3*

"Bulok..," mula sa pahina 1

bigay ni Sotto ang mga gusto nilang komite. Kaalyadong partido ni Sotto ang HNP na pinamumunuan ng anak ni Duterte na si Sara.

May paggigirian man ang mga pangkatin, litaw pa rin kung papaanong kontrolado ni Duterte ang bagong uupong Senado at Kongreso. Para makuha ang kanyang basbas, kaliwa't kanan ang pangako ng ambisyosong mga pulitiko na isusulong nila ang kanyang adyenda. Pangunahin dito ang kanyang huwad na pederalismo sa pamamagitan ng pagbabago sa konstitusyon na dati'y nabahura sa Senado. Kasabay nito ang mga panukalang magpapatindi ng pasismo ng estado, tulad ng pagpapababa ng edad para maaari nang ituring na kriminal, pagpapatupad ng rekisitong pagsasanay-militar sa mga estudyante ng hayskul at mga amyenda sa Human Security Act.

Walang imik ang mga pulitikong ito sa mga kaso ng pamamaslang, pangungurakot at pangangayupapa sa dayuhan ni Duterte. Sa isang banda, pinatunayan nilang wala silang pagkakaiba sa esensya. Sa kabilang banda, ipinakikita ng kanilang pangangayupapa ang bangis ng naghaharing pangkatin. Hawak ni Duterte ang buong makinarya ng estado—mula sa mga ahensyang paniktik hanggang sa ahensyang naniningil ng buwis—at wala siyang pakialam sa paggamit sa mga ito para gipitin kahit ang kanyang mga kaalyado. Tinitiyak niyang walang grupo, kahit sa loob ng kanyang pangkatin, na makabubuo ng sapat na bilang o lakas ng loob para hamunin ang kanyang kontrol sa estado.

Sinasabing ang giriang ito ay girian din sa pagitan ng malalaking negosyo. Ang Nationalist People's Coalition (NPC) ay blokeng kapanalig ng malaking kapitalistang si Eduardo Cojuangco. Ang National Unity Party (NUP) naman ay pinamumunuan ni Ronaldo Puno at pinagugulong ng kapital ni Enrique Razon. Ang NP naman ay dominado ngayon ng pamilyang Villar.

Sa gitna ng ribalan ng mga bulok na pulitiko ay ang usapin ng pagkopo sa matatabang kontrata sa gubyerno, pagkuha sa mga prangkisa ng mga pampublikong yutilidad, pagharang sa mga panukalang makapipinsala sa kanilang negosyo at paggawa ng mga batas na may bentahe sa kanilang interes.

Pinalalabas ni Duterte na "free-for-all" ang labanan para sa pamunuan ng Kongreso. Wala raw siyang papanigan. Pero walang labanan para maging Speaker ng Kongreso o Presidente ng Senado ang hindi pinakikialaman ng nakaupong presidente. Sa nakaraan, mapagpasyang salik sa basbas ni Duterte ang bentaheng maibibigay ng kongresista at kanyang pangkatin at ang pagiging malapit nito sa kanya at kanyang pamilya. Wala siyang pagdadalawang-isip na palitan ang sinumang alyado na hindi nagsisilbi sa kanyang interes.

Ang ribalan at girian sa kongreso ay salamin ng bulok na pulitika ng naghaharing sistema sa Pilipinas. Ang kongreso ng reaksyunaryong estado ay pinaghaharian ng mga burukrata-kapitalista. Sa partikular, ang magbubukas na ika-18 na kongreso ay tiyak na magsisilbing tagapagsuhay at tagapagsulong ng pasismo, korapsyon, pahirap, at traydor sa bayan na adyenda ni Duterte.

Dapat puspusang ilantad at labanan ang kongreso ni Duterte. Dapat ubos-kayang hadlangan at ipakita ang mahigpit na pagtutol ng sambayanan sa mga pangunahing hakbanging balak nitong isagawa, higit sa lahat ang planong baguhin ang konstitusyong 1987 para bigyang-daan ang pagpapalawig sa poder at paghaharing diktador ni Duterte.

Ang pagbubukas ng kongreso sa mga darating na linggo ay dapat salubungin ng mainit at malawak na protesta upang ipamalas ang kahandaan ng buong bayan na labanan ang anumang plano nitong magpapahirap, gigipit at pipinsala sa interes ng mamamayang Pilipino. AB

ANG Bayan

Tomo L Blg. 11 | Hunyo 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/progressiveviews

@prwc_info

fb.com/groups/phrevolutionnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Ilantad at labanan ang pahirap at bulok na kongreso ni Duterte 1
*Writ of amparo* at *habeas data*, inilabas 1
Nakasasawang pagsisinungaling 3
Ligalig ng "Kapanatagan" 3
2-taong batas militar, salot 4
Medalya at promosyon para sa pasismo 5
TRAIN: Regresibong pagbubuwis 5
Dayuhang kontrol sa K-12 6
Piket sa CHEd, dinahas 7
4 magsasaka, inaresto 8
Unyonista, hinatulan 8
Mga operasyong ala-Oplan Sauron 9
Mamamahayag laban sa *red-tagging* 9
Batas ng pasismo, iniraratsada 9
Panawagang tanggalin si Trump 10
Rebolusyong Pilipino, tinalakay 10
Mga armadong aksyon ng CPI-Maoist 10
"Brexit" at ang krisis sa UK 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Writ..," mula sa pahina 1*

kaso, panggigipit at paninindak sa kanilang mga myembro ay karugtong ng mga pampublikong pagbabanta ng AFP laban sa kanila.

Ang *writ of amparo* ay proteksyon ng Korte Suprema sa mga grupong tinutugis ng estado. Ang *habeas data* naman ay nag-oobliga sa ahensya ng estado na ilabas at sirain ang lahat ng dokumento o impormasyon na tinipon ng militar at pulis laban sa mga grupong ito.

Mistula itong sampal sa mukha ng AFP. Gayunpaman, ang pinal na kautusan ay ilalabas ng korte pagkatapos ng mga pagdinig sa apela. Ang unang pagdinig ay isasagawa sa darating na Hunyo 18.

Ito na ang ikalawang pagkakataon sa loob ng isang buwan na nagbigay ng *writ of amparo* at *habeas data* ang Korte Suprema. Noong Mayo 3, pinaburan din nito ang petisyon ng National Union of People's Lawyers. Sa pagdinig ng Court of Appeals nitong Hunyo 6, hindi humarap ang mga kinatawan ng AFP.

Samantala, ipinasa sa ikatlong pagbasa noong Hunyo 3 sa Mababang Kapulungan ang isinusulong na panukalang batas para bigyang-proteksyon ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Bumoto pabor sa batas ang 183 mambabatas.

Ang pagsusulong ng panukalang batas ay pinangunahan ng mga kinatawan ng Makabayan bloc at ni Rep. Edcel Lagman. Itinatakda ng panukala na pangalagaan ang seguridad ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao laban sa mga pang-aabuso at paglabag sa kanilang karapatan. Kung maisasabatas, lilikha ito ng Human Rights Defenders Protection Committee na pangungunahan ng Komisyoner ng Commission on Human Rights at anim pang kasapi na inonomina ng mga organisasyon.

Nakapagtala ang Karapatan ng pagpaslang sa 697 tagapagtanggol sa karapatang-tao simula 2001 hanggang 2018. AB

# Nakasasawang pagsisinungaling

NAGSASAWA NA MAGING ang tauhan ng US na si Delfin Lorenzana sa mga kasinungalingan at pambobobo ni Rodrigo Duterte. Noong Mayo 29, hayagan niyang sinalungat ang ilang buwan nang panloloko ni Duterte na mayroong sabwatan sa pagitan ng mga lehitimong organisasyon, oposisyon sa pulitika, mga mamamahayag, abugado at kahit mga personalidad sa telebisyon, at ang rebolusyonaryong kilusan para patalsikin siya.

Dahilan ni Lorenzana, hindi totoo ang planong pagpapatalsik dahil wala siyang naririnig na ugong kaugnay nito sa hanay ng militar. Binabalewala ni Lorenzana ang kilusang pagpapatalsik para maliitin ito at salagin ang mga balita na may bitak sa hanay ng mga sundalo at pulis.

Ang pahayag ay matapos ang ilang linggo nang panloloko ni Sal Panelo, tagapagsalita ni Duterte, kaugnay sa dalawang *matrix* na naglalaman ng mga pangalan ng mga sangkot diumano sa planong pagpapatalsik. Ginamit nina Panelo at Duterte ang mga *matrix* noong panahon ng eleksyon para siraan ang oposisyon. Ang unang *matrix* ay bunsod ng isang bidyo kung saan inakusahan ni Peter Joemel Advincula, alyas Bikoy, si Duterte, kanyang mga alalay at pamilya bilang pinakamalalaking protektor ng mga sindikato ng droga. Ilang linggo matapos lumantad sa publiko, binaliktad ni Advincula ang kanyang mga kwento, at sinabing gawa-gawa lamang ang kanyang mga akusasyon at pinagawa sa kanya ng oposisyong pulitikal.

Hindi maikakaila ang malawak na panawagan ng mamamayan para patalsikin ang rehimeng Duterte na bantog sa korapsyon, malawakang pagpatay at pagtatraydor sa bayan. Upang kontrahin ito, pinalalabas ng rehimen na nakikipagsabwatan ang mga hayag na organisasyon sa armadong kilusan upang palabasing iligal ang kanilang lehitimong panawagan at pagkundena sa mga abuso ng rehimen.

Dati nang inilatag ni Prof. Jose Ma. Sison ang mga rekisito ng pagpapatalsik sa nakaupong presidente. Kabilang dito ang suporta ng mga bahagi ng pulitikal na oposisyon at militar sa panahong lubos nang nahihiwalay ang pinatatalsik na upisyal. Gayunpaman, ang pagkakahiwalay na ito ay ibubunsod pangunahin ng malakas na tulak ng kilusang masa at internal na mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryo. AB

# Ligalig ng "Kapanatagan"

PINIRMAHAN NOONG ENERO 10 nina Armed Forces of the Philippines (AFP) Chief of Staff Benjamin Madrigal Jr. at Philippine National Police (PNP) Chief Oscar Albayalde ang Joint AFP-PNP Campaign Plan "Kapanatagan" 2019-2022 upang pahigpitin ang ugnayan at tulungan ng mga pwersang militar at pulis sa kontra-insurhensya at kampanyang panunupil.

Deklaradong layunin nito ang "sugpuin ang lahat ng banta sa seguridad ng bansa." Nakaangkla ang "Kapanatagan" sa inilabas na Executive Order 70 ni Rodrigo Duterte na nagtatag ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict.

Sa ilalim ng "Kapanatagan," bubuuin sa mga rehiyon ang mga Joint Peace and Security Coordinating Committee kung saan kabilang ang AFP, PNP, mga lokal na gubyerno at sibilyang ahensya. Kontrolado ng AFP ang pondo ng mga operasyon ng "Kapanatagan." Mayroon din itong direktang kumand sa PNP at halos walang kapangyarihan ang mga otoridad ng mga lokal na gubyerno sa mga sakop nilang kapulisan. Sa National Capital Region, ti-

*"Kapanatagan..," sundan sa pahina 4*

# 2-taong batas militar, salot sa mamamayan

Dalawang taon nang nabubuhay sa takot at hirap ang mamamayan sa Mindanao bunsod ng batas militar ni Rodrigo Duterte. Wala nang naniniwala na ipinataw niya ang batas militar para sugpuin ang diumano'y banta ng terorismo ng grupong Maute. Matagal na itong nabunyag bilang isa sa kanyang mga pasistang hakbang para itayo ang walang-sagka at walang taning na pasistang diktadura sa buong bansa.

Ang pagpataw ni Duterte ng batas militar noong Mayo 23, 2017 ay isa sa pinakamalaki niyang kaso ng pag-abuso ng kapangyarihan. Ang 5-buwang pambobomba niya sa Marawi City, kung saan daan-daang sibilyan ang napatay, karamihan mga Maranao, at P18 bilyong halaga ng kanilang mga ari-arian ang nawasak, ay maituturing na krimen laban sa sangkatauhan. Ito, kasama ang ekstrahudisyal na pamamaslang dulot ng kanyang gera kontra-droga, ay maaaring isampa sa mga internasyunal na korte.

**Pagdurusa ng mga Maranao**

Hanggang ngayon, wala pa ring disenteng tirahan ang 100,000 residente ng Marawi na napalayas nang kubkubin ng AFP ang syudad. Ayon sa inilabas na ulat ng International Committee of the Red Cross noong Mayo, nakatigil ang mga bakwit sa mga sentro ng ebakwasyon, sa mga toldang nagsisilbing pansamantalang tirahan at sa mga bahay ng kanilang kamag-anak sa ibang bahagi ng Mindanao, Visayas at hanggang Luzon. Nasa 50,000 ang hindi pa rin pinapayagang bumalik, kahit pansamantala, sa sentro ng syudad—ang lugar na tinaguriang "Ground Zero" na pinakapinuruhan ng mga bomba ng AFP.

Marami sa mga bakwit ang dumaranas ng gutom, sakit at depresyon. Mula nakaraang taon, humina na ang pagdating ng ayudang pagkain mula sa mga mapagkawanggawang institusyon. Napakalimitado ng ayudang pampinansya. Naiulat noong Mayo na P10,000 lamang ang ipinamahagi ng Office of the Civil Defense (OCD) mula sa P36.92 milyong donasyon na nalikom para sa mga bakwit. Sadyang pinahihirapan ng OCD ang mga bakwit sa pagkuha ng pondo sa pamamagitan ng paghahanap ng mga papeles na nawala kasabay ng pagkawala ng kanilang mga ari-arian at tahanan.

Dagdag dito, wala pa ring nangyayari sa hiling ng mga taga-Marawi na naghahanap sa kanilang mga kamag-anak. Hanggang ngayon, naghihintay pa rin sila sa resulta ng mga DNA *test* para kilalanin ang mga labi ng mga inilibing na lamang sa mga komun na libingan. Tinataya ng mga akademiko na nasa 2,000-2,500 ang napatay sa pagkubkob ng Marawi, malayo sa 1,200 na taya ng rehimen.

Ikinagagalit ng mga taga-Marawi ang sadyang pagbabalewala sa kanila sa pagpaplano at rekonstruksyon ng kanilang syudad at pagpapaubaya dito sa mga dayuhang kumpanya at kanilang mga kasosyong kumprador. Sawa na sila sa usad-pagong na proseso ng rehabilitasyon sa kabila ng mabilis na pagtatayo ng AFP ng isang kampomilitar sa sentro ng syudad. Lalo silang nagalit sa pagbansag ni Duterte sa kanilang syudad bilang "pugad ng droga" at pagpahayag na dapat ang mayayamang Maranao na lamang ang gumastos para ibangon ang syudad.

**Daan-daanlibong abuso**

Umaabot sa 800,000 ang mga biktima ng pang-aabuso sa karapatang-tao sa Mindanao na naisadokumento ng Karapatan mula nang ideklara ang batas militar. Kabilang dito ang 93 aktibistang pinaslang, 136 tinangkang patayin, 1,400 inaresto at ikinulong, 29,000 tinakot, ginipit at hinaras, at 423,500 ang pwersahang napalayas sa kanilang mga komunidad. Naitala rin ng Karapatan ang 4,428 kaso ng paggamit ng mga sibilyang imprastruktura para sa mga operasyong militar.

Sa pangalawang taon ng batas militar naganap ang matitinding krimen tulad ng pagmamasaker sa pi-

*"Batas-militar..," sundan sa pahina 5*

*"Kapanatagan..," mula sa pahina 3*

nawag itong Implementation Plan "Kalasag."

Pangungunahan ng militar ang pag-atake sa mga inaakusahan nitong "komunista" at mga organisasyon na umano'y mga "prente ng komunista" sa kanayunan man o mga syudad. Magsisilbi namang suportang pwersa ang pulisya sa mga operasyong kombat ng AFP. Maliban dito, ang PNP ang mangunguna sa pag-aresto, pagtatanim ng ebidensya at pagsasampa ng inimbentong mga kaso laban sa mga target na indibidwal.

Sa ilalim ng "Kapanatagan," ang ipinatupad na Oplan Sauron sa isla ng Negros noong Disyembre 2018-Enero 2019. Parehong mga taktika ang ginagamit sa ibang bahagi ng bansa.

Sa Masbate, iniulat ng BHB noong Mayo 31 ang pananalasa ng "Kapanatagan" sa mga barangay ng Dalipe, Panan-awan, RM Magbalon, Guiom, Taberna, Cabayugan, Calumpang at Iraya sa bayan ng Cawayan. Hinahalihaw ng 2nd IB at PNP-Masbate ang lugar at pinipilit ang mga punong barangay na pumirma ng kasunduang nagbabawal sa mga residente na sumama sa mga rali. Pwersahang pinasok ng mga sundalo at pulis ang mga bahay at ninakaw ang mga personal na gamit, kabilang ang 80 kaban ng palay, mga alagang hayop at P11,000 ipon ng mga residente. AB

"Batas-militar..," mula sa pahina 4

tong kabataan sa Patikul ng mga sundalo ng AFP at ang dalawang pagpapasabog sa simbahang Katoliko sa Jolo, pareho sa Sulu. Ginamit ng AFP na dahilan ang "gera kontra-terorismo" para patindihin ang militarisasyon sa mga komunidad ng mga Moro. Dahil dito, maraming Moro ang napapalayas sa kanilang mga lugar, dagdag sa dati nang mga bakwit. Sa unang kwarto lamang nitong taon, nasa 16,300 na ang naitalang nagbakwit dahil sa walang awat na mga operasyong militar.

Kasabay ng mga atake sa mga komunidad ng Moro ang walang habas na pang-aatake sa mga komunidad ng Lumad at magsasaka. Partikular na target ng militar ang mga eskwelahang Lumad na pinuruhan ng atake ng AFP. Sa nakaraang dalawang taon, ipinasara ng pasistang rehimen ang 79 eskwelahan na may 2,782 guro at estudyante. Tatlong estudyante ng mga ito ang pinatay ng mga sundalo at mga paramilitar. Palagian namang nanganganib ang mga eskwelahang nakatayo pa at gumagana lamang dulot ng tapang ng mga komunidad at suporta ng iba't ibang sektor sa kanila. AB

# Medalya at promosyon para sa pasismo

MEDALYA AT PROMOSYON ang gantimpala ni Duterte sa kanyang mga alipures sa Armed Forces of the Philippines (AFP). Noong Hunyo 5, kinumpirma ng Commission on Appointments (CA) ang promosyon ng 50 upisyal ng militar na nanguna sa militarisasyon at pag-abuso sa kanayunan. Ang mga promosyong ito ay rurok ng inhustisya, ayon sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Duguan ang kamay ng mga mersenaryong sundalo ni Duterte at bawat medalyang iginagawad sa kanila ay dagdag na pagpaslang sa mga katutubo at magsasaka.

Kabilang sa kinumpirma ng CA sina Lt. Gen. Felimon T. Santos, kumander ng Eastern Mindanao Command, na hanggang sa kasalukuyan ay naghahasik ng teror at mga paglabag sa karapatang-tao sa mga rehiyon ng Davao at Caraga. Itinaas din ang ranggo ni Maj. Gen. Gilbert Gapay, kumander ng Southern Luzon Command, na lumusob sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubong Mangyan sa Mindoro at Dumagat sa Quezon. Nambomba ito sa Mindoro na nagresulta sa sapilitang pagbabakwit ng halos 1,000 Mangyan mula sa kanilang mga tahanan at kabuhayan.

Dagdag pa sa listahan ng mga ginawaran ng promosyon sina Col. Jonathan Gayas, upisyal sa saywar ng 3rd ID at Brig. Gen. Alberto Desoyo ng 303rd IBde na kapwa nakabase sa Negros. Responsable ang dalawa sa walang habas na militarisasyon, tortyur at masaker sa isla.

Samantala, itinalaga naman noong Mayo 27 bilang pinuno ng National Commission on Indigenous Peoples si dating Col. Allen Capuyan. Bago nito, si Capuyan ay itinalaga ring Executive Director ng *national secretariat* ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict.

Ilan pa sa nabigyan ng promosyon ang mga upisyal ng batalyon at brigada ng AFP na naglulunsad ng mga operasyong intel, saywar at sapilitang nagpapasurender ng mga sibilyan. AB

# TRAIN: Regresibong pagbubuwis

HINDI MAITATWA MAGING ng mga ahensya ng gubyerno ang negatibong epekto ng TRAIN law sa lokal na ekonomya. Ayon sa pag-aaral ng Philippine Institute for Development Studies noong Disyembre 2018, negatibo ang epekto ng bagong mga buwis sa sektor ng manupaktura at sa kalagayan ng pinakamahihirap na pamilyang Pilipino.

Idiniin ng isang pag-aaral ang pagkitid ng sektor ng pagmamanupaktura at lalong pagliit ng bilang ng mga trabahong nalilikha bilang matagalang epekto ng mga bagong buwis na ipinataw sa karbon at mga produktong petrolyo na ginagamit na panggatong sa produksyon at sa transportasyon ng mga produkto. Pinakaapektado ang maliliit at katamtamang-laking negosyo dahil sa kawalang-kakayahan ng mga ito na umupa ng malalaking trak para sa transportasyon ng kanilang mga produkto. Sa isa pang pag-aaral, idiniin naman ng ahensya na malaki ang nababawas ng dagdag na buwis sa pagkain at mga inuming may asukal sa kita ng pinakamahihirap na pamilya.

Kinumpirma ng dalawang pag-aaral ang dati nang kongklusyon ng Ibon Foundation na *regressive taxation* ang ipinatutupad sa ilalim ng batas na TRAIN. Ibig sabihin, malaki ang kinakaltas nito sa mga pamilyang may mababang kita kumpara sa nakatataas o katamtaman ang kita. Sa kabila ito ng kunwa'y eksempsyon sa mga kumikita ng P250,000 kada taon. Marami na ang bumatikos sa panlolokong ito lalupa't kasabay ng eksempsyon sa personal na kita, dinagdagan naman ang buwis sa pagkain at transportasyon.

Sa taya ng Ibon, nadagdagan pa ang kita ng mga indibidwal na may matataas na kita nang 40% habang lumaki ang nababawas sa kita ng masang anakpawis sa isang taong implementasyon ng TRAIN. Ang mga may kitang mahigit sa P25,000 kada buwan ay nadagdagan nang P1,000-P33,000 kada taon. Ito ay habang nakakaltasan nang P800 hanggang P4,000 ang kita ng 60% ng mga pamilyang kumikita ng sapat o mas mababa pa sa kanilang mga pangangailangan. AB

# Pautang ng ADB: Lalong paghigpit ng kontrol ng mga dayuhan sa K-12

Lalong pinahihigpit ng Asian Development Bank (ADB) ang kontrol nito sa pagpapatupad ng programang K-12. Nitong Mayo, pinirmahan ng ADB at ng rehimeng Duterte ang Secondary Education Support Program, isang kasunduan sa pautang na nagkakahalagang $300 milyon. Partikular na layunin ng programa na higit pang "pinuhin" ang kurikulum ng K-12 alinsunod sa kagyat na pangangailangan ng mga kapitalista. Sa pamamagitan ng pautang na ito, idinidikta ng ADB ang mga hakbangin at programang ipatutupad sa ilalim ng K to 12 mula 2019 hanggang 2023.

**Dayuhang kontrol sa K-12**

Mula nang unang isinabatas ang K-12 noong 2013 alinsunod sa rekomendasyon ng World Bank (WB), ang pagpapatupad nito ay mahigpit na ikinukumpas at kinokontrol ng ADB (Japan) at WB (US) sa pamamagitan ng mga pautang.

Ang bagong pautang ng ADB na tinawag na Secondary Education Support Program ay pagpapatuloy ng naunang $300 milyong pautang na Senior High School (SHS) Support Program (2014-2020).

Nakabalangkas ang pagbibigay ng pondo sa pagtupad ng gubyerno ng Pilipinas sa mga itinakdang target ng ADB. Kabilang dito ang pagsasaayos ng kurikulum ng SHS, kabilang ang Technical Vocational and Livelihood, para gawing mas mabenta ang lakas-paggawa ng mga nagtapos sa lokal at pandaigdigang pamilihan sa paggawa.

Itinutulak nitong palakasin ang kaalaman sa Matematika, Agham at Ingles para maitaas ang iskor ng mga estudyante ng SHS sa National Achievement Test at sa *national certificate assessment* para sa mga kumuha ng kursong teknikal-bokasyunal.

Partikular na kikinisin ang pagsasanay sa mga espesyalisasyon na magbibigay ng kahandaan sa mga trabaho sa *agri-fishery*, pagluluto, *information technology*, *welding*, mga serbisyong may kinalaman sa dagat at iba pa. Ito ang mga kursong pangunahing kailangan sa Japan, Canada, mga bansa sa Middle East at US.

Dagdag pa rito, magsasagawa rin ng mga pagsasanay para sa mga pampublikong guro na magtuturo sa mga espesyalisadong asignatura.

Sa pamamagitan ng pautang, itinatakda rin ng ADB na maglaan ng $1.55 bilyon ngayong 2019-2023 (mula $1.52 noong 2014-2019) para sa Education Service Contracting at SHS Voucher System na popondo sa mga pribadong paaralan na tatanggap ng mga estudyanteng di kayang ipasok sa mga paaralang pampubliko. Ito ay mga programang idinisenyo batay sa prinsipyo ng Public-Private-Partnership (PPP) sa sektor ng edukasyon. Itinatakda naman ng naunang pautang na itaas hanggang 40% ngayong 2019 ang porsyento ng mga mag-aaral na nag-eenrol sa mga pribadong hayskul mula 20% noong 2012.

Dagdag pa rito, inoobliga rin ng bagong pautang ang gubyerno na maglaan ng $2.92 bilyon para sa pagtatayo ng mga pasilidad sa edukasyon gaya ng mga silid-aralan, laboratoryo, at mga *workshop* sa ilalim ng mga kontratang PPP. Doble ito sa idinikta nitong $1.42 bilyon sa ilalim ng naunang pautang.

**Pagsasanay gamit ang pondo ng bayan**

Kunwa'y itinataas ng bagong reporma ng ADB ang kalidad ng mga magtatapos ng Grade 12. Pero sa aktwal, inaayon lamang ng ADB ang kanilang pagsasanay para sa partikular na mga pangangailangan ng mga dayuhang kumpanya. Ito ay para higit pang mapiga ang kanilang lakas-paggawa nang hindi na gumagastos para sa kanilang pagsasanay ang mga pribadong kumpanya. Sa ngayon, halos ang mga lokal na kumpanya sa pagkain (Jollibee, Chowking at iba pa) at mga lokal na gubyerno ang tumatanggap ng mga gradweyt ng SHS. Kahit noong wala pang SHS, tumatanggap na ang mga ito ng mga gradweyt sa hayskul na 18-taong gulang.

Ang mamamayang Pilipino, sa pamamagitan ng badyet sa sekundaryong edukasyon, ang nagpopondo para sa pagsasanay ng mga manggagawa ng mga dayuhang kumpanya. Sa nakaraang dalawang taon, nagbuhos ng bilyun-bilyong pondo ang estado para sa progra-



ma. Para sa 2018, naglaan ito ng di bababa sa P7.1 bilyon para sa imprastruktura at pagtuturo sa mga pampublikong hayskul habang P20 bilyon ang ipinasa nito sa mga pribadong paaralan bilang "subsidyo" sa mga estudyanteng hindi na kayang tanggapin ng mga pampublikong paaralan. Malaking bahagi ng pondo sa pampublikong hayskul ay para sa teknikal-bokasyunal na mga pagsasanay.

Labas pa ito sa lampas P100,000/estudyante na ginastos ng mga magulang para sa 2-taong dagdag na pag-aaral sa pampublikong hayskul at mahigit P200,000/estudyante kung pribado ang paaralan.

**Mura pero di mabentang lakas-paggawa**

Noong 2018 nagtapos ang kauna-unahang bats ng Grade 12 sa ilalim ng programang K to 12. Nasa 1.25 milyong kabataang Pilipino ang nagtapos at umasang makakukuha agad ng trabaho. Tatlumpu't-siyam na porsyento sa kanila ang nagtapos ng Technical-Vocational-Livelihood *track*.

Taliwas sa ipinangako ng programa, mismong mga negosyante sa pangunguna ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) ang nagpahayag ng pangamba na hindi handa sa trabaho ang mga nagtapos.

Ayon sa PCCI, hindi sapat ang 80 oras ng imersyon sa trabaho bilang minimum na bilang ng oras para maging handa sa trabaho ang mga bagong gradweyt. Gayundin, dalawa sa sampung nag-eempleyo lamang ang handang tumanggap ng mga nagtapos ng SHS.

Sa kasalukuyan, dalawang bats na ng Grade 12 ang nagtapos sa balangkas ng kurikulum na ito. Sa muling pagbubukas ng klase ngayong Hunyo, tinatayang nasa tatlong milyon ang bilang ng mga papasok sa SHS.

# Piket sa harap ng CHEd, dinahas

MARAHAS NA BINUWAG ng mga pulis ang inilunsad na protesta ng mga kabataan sa Commission on Higher Education (CHEd) noong Mayo 30. Kinukundena noong ng grupo ang pasya ng Korte Suprema sa CHEd Memo No. 20.

Tinuligsa ni Daryl Babaydo, pambansang tagapangulo ng College Editors' Guild of the Philippines si CHEd Commissioner Prospero de Vera sa inilabas nitong pahayag na pumupuri sa desisyon ng Korte Suprema kaugnay ng konstitusyunalidad ng CHEd Memo No. 20 na nagtatanggal sa Filipino at Panitikan bilang mga asignatura sa kolehiyo. Ayon kay Babaydo, ang pagapruba sa naturang memo ay magpapalala lamang sa komersyalisado at maka-dayuhang oryentasyon ng edukasyon sa bansa.

Binatikos naman ni Rep. Sarah Elago ng Kabataaan Partylist ang dalawang mukha ng administrasyong Duterte at ng CHEd. Maliban sa memo sa Filipino ay niraratsada din ang pagsasabatas ng *mandatory* Reserved Officers Training Corps (ROTC) sa *senior high school*. "Nakakasulasok ang dalawang mukha ng rehimen: sabi nila itutulak daw ang mandatory ROTC para sa 'nasyunalismo,' pero aalisin naman nila ang pag-aaral ng ating wika," dagdag pa ni Elago.

Samantala, nagtipon sa Mendiola ang iba't ibang progresibong grupo ng kabataan at guro sa pagbubukas ng klase nitong Hunyo 3 upang kalampagin ang rehimeng US-Duterte sa lumalalang kalagayan ng edukasyon sa bansa .

"Kinukundena namin ang atake ni Duterte hindi lamang sa karapatan sa edukasyon, gayundin ang atake nito sa ating identidad, soberanya at karapatan. Papasanin ng mga kabataan at sambayanan ang muling pagtataas ng matrikula at iba pang bayarin sa eskwela, pagpapatuloy ng programang K to 12, at mga reporma tulad ng *mandatory* ROTC at ang CHEd Memorandum No. 20," ayon kay Raoul Manuel, pambansang tagapagsalita ng National Union of Students of the Philippines.

"Talagang sinangkalan na ng rehimeng Duterte ang ating wika at pagkakakilanlan upang lalong ihiwalay ang kabataang Pilipino sa kanilang mayamang kasaysayan, tunay na identidad, at kritikal na pag-iisip," sabi naman ni Kara Lenina Taggaoa ng League of Filipino Students.

Nananawagan ang Kabataan Partylist sa lahat ng kabataang Pilipino na manindigan laban sa mga atake sa edukasyon at mga demokratikong karapatan.

"Dapat nating ibigay ang lahat upang ipagtanggol ang bansa sa pagsalakay at atake na pinangungunahan ng kasalukuyang rehimen. Kailangan nating ipagtanggol ang ating pambansang wika, at identidad mula sa pagkabura, ang ating soberanya mula sa panana-kop at pangingibabaw sa pamilihan ng mga dayuhan, at ating edukasyon mula sa higit na komersyalisasyon. Patuloy tayong magmamatyag upang tiyakin ang ating karapatan at kinabukasan!" pagtatapos ni Elago.



# 4 na magsasaka, inaresto sa Mindoro

Apat na magsasaka ng Sityo Pusog, Barangay Brigada, Sablayan, Occidental Mindoro ang iligal na inaresto ng mga sundalo noong Mayo 23. Ang mga magsasaka na sina Raul Ibañez, Nonoy Obseqha, Boyna Militar at Diego Panas ay piniringan ng mga sundalo at ininteroga. Sina Ibañez at Obseqha ay dinala sa kampo ng mga sundalo sa Barangay Burgos.

Sa Laguna, binaril hanggang mapatay ng mga kasapi ng Philippine National Police (PNP)-Calabarzon si Christopher Esabia sa Barangay Palma 2, Alaminos noong Mayo 26. Si Esabia ay dating kasapi ng BHB-Rizal noong 2004. Matagal na siyang walang ugnay sa BHB.

**Marahas na demolisyon.** Marahas na dinemolis ng pinagsanib na operasyon ng mga elemento ng PNP at Philippine Marines noong Abril 24 ang kabahayan sa Sityo Racat, Barangay Rapuli, Sta. Ana, Cagayan. Iligal na inaresto ang 16 na residente, karamihan ay babae.

Higit 30 taon nang nakatira ang mga residente sa lugar. Ang lupang kinatitirikan ng mga bahay ay kinakamkam ng Cadilland, Inc., isang debeloper ng lupa. Noong unang bahagi ng Abril ay nagkaroon na rin ng marahas na demolisyon sa lugar. Matagumpay itong napigilan ng pagkakaisa ng mga residente.

Matapos ang limang araw na babala mula sa DENR, iligal na dinemolis ang anim na bahay ng mga maralitang magsasaka sa Sityo Laguis, Sindun Bayabo, Ilagan City noong Mayo 29.

Nangako ang mga kinatawan ng DPWH, DENR at City Engineering Department na ititigil muna ang demolisyon hanggang walang dayalogo sa pagitan ng mga residente at ng gubernador. Ngunit nang sumunod na araw, sinira ang 10 bahay at ang maisan ng mga magsasaka.

Sa Bukidnon, inaresto ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang apat na kasapi ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-Bukidnon. Alas-9 ng umaga nang hulihin sina Randy Montillano, Jessel Montillano, Christine Ara Montillano at Wilfredo Darap. Nakasaad sa kanilang mandamyento de aresto ang gawa-gawang kaso ng tangkang pagpatay na may petsang Abril 14, 2018.

**Tanggalan sa PEPMACO.** Iligal na tinanggal ang 20 manggagawa at tagapangulo ng PEPMACO Workers Union noong Hunyo 3. Dalawa sa mga manggagawa ay pinadalhan ng babala dahil sa paglahok sa isang asembliya laban sa kumpanya. Noong Hunyo 4, naghain ng Notice of Strike ang unyon ng PEPMACO.

Nakaranas ng matinding panggigipit ang mga manggagawa matapos silang magtayo ng unyon noong Enero. Sunud-sunod na tinanggal ang 37 manggagawa at apat na lider ng unyon.

Samantala, matagal nang iniinda ng mga manggagawa ng IQOR Bacolod ang hindi makataong obertaym at pagpapatrabaho sa kanila ng 10 oras kada araw. Noong Mayo 29, kasama ang mga kinatawan ng BPO Industry Employees' Network (BIEN) Bacolod, idinulog ng mga manggagawa ang kanilang kalagayan sa upisina ng DOLE-Region VI Bacolod.

Noong Hunyo 2 sa Barangay Bunga, Tanza, Cavite, binaril hanggang mapatay ng mga hindi kilalang armadong lalaki si Dennis Sequeña habang nasa isang pulong kasama ang mga manggagawa. Si Sequeña ay bise presidente ng Partido Manggagawa sa naturang prubinsya.

Sa Butuan City, pinagbabaril hanggang mapatay ng pinaniniwalaang mga elemento ng AFP si Esther Betonio noong Hunyo 2, alas-6:30 ng gabi sa Sityo Landing, Barangay Tungao. Nakaangkas sa motorsiklo ng kanyang asawa si Betonio mula sa pag-iigib ng tubig nang lapitan at pagbabarilin ng mga salarin. Nakaligtas sa krimen ang kanyang asawa.

Aktibong kasapi ng Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte (UMAN) si Betonio at matagal nang pinagbibintangang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at pilit pinasusurender ng militar. Mahusay na lider din si Betonio sa kanilang lugar.

Ayon sa imbestigasyon ng BHB-Agusan del Norte, dumiretso ang motorsiklo ng mga salarin sa kampo ng militar sa katabing barangay ng Lower Olave.

Kinabukasan alas-6 ng gabi sa Purok 6 sa parehong barangay, binaril din hanggang mapatay si Eddie Versoza, myembro rin ng UMAN. AB

## Organisador ng unyon, hinatulan

NAKAPANGANGALIT AT di makatarungan. Ito ang naging pahayag ng Karapatan sa hatol ng San Mateo Rizal Regional Trial Court Branch 76 sa gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms* laban sa unyonistang si Marklen Maojo B. Maga noong Hunyo 3. Labis ang pagkadismaya ng pamilya ni Maga sa hindi katanggap-tanggap na hatol ng korte.

Haharap sa 8-taong pagkabilanggo si Maga. Kasalukuyan siyang nakakulong sa Metro Manila District Jail 4 sa Camp Bagong Diwa, Bicutan, Taguig City. Nakatakda siyang ilipat sa New Bilibid Prison sa Muntinlupa. May kinakaharap din siyang gawa-gawang kasong pagpatay sa Agusan del Norte, sa lugar na hindi pa niya napupuntahan.

Inaresto si Maga noong Pebrero 22, 2018 malapit sa kanilang bahay sa San Mateo, Rizal. Kilala siyang organisador ng Piston.

## Paninindak ng mga operasyong ala-Oplan Sauron, laganap sa buong bansa

PATULOY ANG PAGLULUNSAD ng mga operasyon tipong-Oplan Sauron, kung saan nilulusob at sinasakop ng mga sundalo at pulis ang buo-buong mga barangay para sindakin, supilin at dahasin ang mga residente.

Sa Masbate, walong barangay ang sinakop ng mga sundalo ng 2nd IB at Military Intelligence Company at mga pulis simula nitong huling linggo ng Mayo. *(Tingnan ang detalye sa pahina 4.)* Sa Barangay Dalipe, iligal na inaresto ang 11 residente.

Sa North Cotabato, nagkampo naman ang mga elemento ng 73rd IB sa mga kabahayan sa Sityo Bantaan, Barangay Bagumbayan, Magpet noong Mayo 28.

Sa Davao Oriental, kinampuhan ng mga sundalo ng 67th IB ang mga kabahayan at simbahan sa mga barangay ng Binbondo at Mahan-ub, sa bayan ng Baganga noong May 27-29.

Sa isang asembliya, ipinahayag ng mga magulang ang kanilang pangamba at takot dahil sapilitang silang pinapipirma ng mga dokumento para hindi papasukin ang kanilang mga anak sa mga paaralang pangkomunidad. Binantaan silang pagkakaitan ng 4Ps kung hindi susunod.

Samantala, noong Mayo 18, nilusob ng mga paramilitar na Alamara, kasama ang mga sundalong nakasibilyan, ang UCCP Haran sa Davao City kung saan pansamantalang naninirahan ang mga magsasakang Lumad mula sa Talaingod, Davao del Norte.

Sapilitan nilang kinuha ang 31 at isinakay sa isang trak at pinalabas na "tumakas." Pinangangambahan ng grupong Pasaka na sisindakin ang 31 para gamitin ng militar at pulis laban sa mga bakwit.

Sa Negros Oriental, iligal na inaresto ng mga sundalo si Jiesel Castin ng grupong Anakbayan-Negros noong Mayo 24 sa Siaton. Pinalalabas ng militar na si Castin ay "sumurender" ngunit hindi siya inililitaw ng mga sundalo. AB

### Mamamahayag ng CDO, nilabanan ang *Red-tagging*

PINURI NG NATIONAL Union of Journalists of the Philippines (NUJP) ang magiting na pagkakaisa ng mga kasapi ng Cagayan de Oro Press Club upang tanggalin ang istrimer na nagbabansag sa NUJP at iba pang grupo bilang mga "terorista" noong Mayo 28. Ikinabit ang istrimer sa bakuran ng Press Freedom Monument sa Vicente de Lara Park, Cagayan de Oro kung saan magdidiwang ang mga kasapi ng midya ng Press Freedom Week. Bilang protesta, sinunog nila ang istrimer.

Sa kaugnay na balita, ibinasura ng Sangguniang Panlunsod (SP) ng Iloilo City noong Mayo 23 ang panukala ni Iloilo City Police Director Lt. Col. Martin Defensor na ideklara ang Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan na "persona non grata" o hindi katanggap-tanggap sa Iloilo City. Wala ni isang kagawad ng SP ang sumuporta sa panukala.

Ayon kay SP Floor Leader Plaridel Nava, hindi niya mauunawaan kung bakit ipinagpipilitan ng pulisya na ideklarang "persona non grata" ang nasabing mga rebeldeng grupo gayong wala namang lokal na batas na nagdedeklarang mga "teroristang organisasyon" ang PKP at BHB. AB

### Batas ng pasismo, iniraratsada

MAS MASAHOL NA pag-amyenda sa Human Security Act (HSA) o Anti-Terror Law at Mandatory ROTC sa Senior High School ang minamadaling maisabatas ng rehimeng Duterte bago magtapos ang ika-17 Kongreso. Sa pagpasok naman ng ika-18 Kongresong dominado ng mga basalyo ni Duterte, inihahanda na rin ang batas para sa Mandatory Military Service.

Pinapalabo ng panukalang pagbabago sa HSA ang depinisyon ng terorismo. Sa simpleng pagsuspetsa pa lamang, maaaring tiktikan, arestuhin, at ikulong ng dalawang linggo ang sinuman. Dahil sa pinasaklaw na kahulugan, maging ang mga rali at welga ay maaaring ituring na "terorismo." Taong 2007 nang tinutulan ng mga demokratikong sektor ang mga mapanganib na probisyong ito.

Samantala, minamadali ring ibalik ang ROTC o pag-oobliga sa mga estudyante na sumailalim sa pagsasanay-militar. Lalo nitong palalakasin ang dominasyon ng militar sa iba't ibang aspeto ng buhay lipunan, kabilang ang paghuhubog sa kabataan. Ipagdidikdikan nito ang militaristang pananaw sa kabataan para hubugin ang pagiging sunud-sunuran.

Tanging hangarin ng pagpapabilis ng pagpasa sa mga batas na ito ang pagsupil sa naghihirap at nagngangalit na mamamayan at iwasiwas ang kapangyarihan para sa pagbubuo ng kanyang diktadura.

**Kontra-endo.** Nagwelga ang mga manggagawa ng Zagu Foods Corporation noong Hunyo 6 sa harap ng upisina ng kumpanya sa Barangay Kapitolyo, Pasig City. Nilalaban ng mga welgista ang endo at di-pagbibigay ng sapat na benepisyo ng kumpanya. Sunud-sunod din ang pagbabanta ng kumpanya laban sa unyon. AB


# Panawagang tanggalin si Trump sa pwesto, lumalakas

LUMALAKAS ANG PANAWAGANG *impeachment* o pagpatalsik kay Donald Trump bilang presidente ng US. Ito ay matapos isapubliko noong Mayo 30 ng Office of the Legal Counsel (OLC) ang ulat ng imbestigasyon nito sa pakikialam ng Russia sa 2016 eleksyong presidensyal.

Idinetalye ng ulat ang malawakan at sistematikong pangangampanya sa *social media* ng Internet Research Agency, isang kumpanyang Russian, para kay Trump at ang mahigpit na ugnayan nito sa mga espesyalista at tagapagsalita ni Trump. Ibinunyag din ng ulat ang mga atake ng mga Russian *hacker* sa kalaban ni Trump na si Hillary Clinton at pagbabahagi ng maselan at nakasisirang impormasyon na ginamit ng kampo ni Trump sa kampanya.

Bagamat hindi napatunayan ng ulat na may konspirasiya sa pagitan ni Trump at ng Russia, iniulat nito ang serye ng mga pagpupulong sa pagitan ng mga upisyal ng kampanya ni Trump at mga indibidwal ng gubyernong Russia sa panahon ng kampanya. Kabilang sa paulit-ulit na nakipagkita ang manugang ni Trump na si Jared Kushner. Si Kushner ay "espesyal na tagapayo" ngayon ng administrasyong Trump. Sa panahon ng 2-taong imbestigasyon ng OLC, paulit-ulit din na nagsinungaling at nangharang ang mga tauhan ni Trump.

Sa paglalabas ng ulat, nagpahayag ang pinuno ng OLC na si Robert Mueller na ang tanging dahilan kung bakit hindi kinakasuhan si Trump ay dahil ipinagbabawal sa konstitusyon ang paglilitis sa nakaupong presidente. Gayunpaman, marami ang naniniwalang maaaring gamitin bilang ebidensya sa isang *impeachment* ang naturang ulat.



Inilabas ng OLC ang ulat noon pang Marso nitong taon pero hinarang ito ng mga abugado ni Trump. Isinumite ito sa Kongreso ng US noong Abril at noong Mayo lamang isinapubliko ang *redacted* (o may nakatagong mga teksto) na bersyon nito. Sa araw na lumabas ang ulat, itinanggi ni Trump ang paratang na nakipagtulungan siya sa isang dayuhang gubyerno para manalo, at sinabing wala siyang kinalaman sa pangingialam ng Russia.

### Rebolusyong Pilipino, tinalakay sa France

NAGDAOS NOONG MAYO 25 ang Jeunes Révolutionnaires (Kabataang Rebolusyonaryo) sa France ng isang pulong pag-aaral tungkol sa rebolusyong Pilipino na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Dinaluhan ito ng iba pang mga organisasyong rebolusyonaryo at anti-pasista sa kanilang lokalidad. Tinalakay nila ang kilusang mapagpalaya sa Pilipinas, partikular ang armadong paglaban ng mamamayan.

Samantala, nagkaroon ng talakayan noong Abril 19 hinggil sa digmang bayan sa India at sa Pilipinas. Bahagi ito ng mga aktibidad para sa Linggo laban sa Imperyalismo.

Liban sa pagpahayag ng suporta, ipinanawagan ng mga nagtipon ang agarang pagpapalaya kay Propesor GN Saibaba at lahat ng mga bilanggong pulitikal sa India at sa iba pang panig ng mundo. Nanawagan din sila na ipatigil ang henosidyong operasyong "Green Hunt" sa India.

### Serye ng armadong aksyon, inilunsad ng CPI-Maoist

SERYE NG MGA armadong aksyon ang inilunsad ng People's Liberation Guerilla Army (PLGA) na pinamumunuan ng Communist Party of India (Maoist) mula Mayo hanggang unang linggo ng Hunyo. Ito ay matapos pinaslang sina Ramko Narote, kasapi ng CPI-Maoist at Shilpa Dhurva, isang gerilya, noong Abril 27 sa Gundurwahi.

Tinatayang umaabot sa 79 ang kaswalting sundalo at pulis sa mga atakeng ito. Naganap ang mga armadong sagupaan sa Gadchirolli, sa rehiyon ng Jarkhand, sa Maharashtra, at Chhattisgarh.

Kabilang sa mga binigwasan ng PLGA ang mga sundalo ng 209th Commando Battalion for Resolute Action (COBRA), isang tim na nageespesyalisa sa kontra-Maoistang mga operasyon.

Sinalakay at hinawakan ng 40 mandirigma ng PLGA ang bayan ng Timurpalli sa distrito ng Malkangiri sa Odisha noong Mayo 19. Nagapi ng PLGA ang himpilan ng lokal na gubyerno. Isinagawa ang aksyon bilang pagtuligsa sa anti-katutubong mga aktibidad at mga peke at gawa-gawang engkwentro ng mga sundalo sa lugar.

Sa Gadchirolli, pinasabog ng PLGA ang dalawang imbakan at isang instrumentong pamproduksyon na nagdulot ng paralisasyon ng produksyon sa distrito noong Mayo 20.

Ipinakikita ng mga aksyong ito na determinado ang PLGA at CPI-Maoist sa tuluy-tuloy na pagsulong ng digmang bayan sa India.

# “Brexit” at ang krisis na bumabagabag sa UK

Luhaang inanunsyo ni Theresa May noong Mayo 24 na bababa siya sa poder bilang punong ministro (PM) ng United Kingdom (UK) makaraang tatlong beses siyang mabigo na makabuo ng isang kasunduan kaugnay sa paglabas ng bansa sa European Union (EU) sa prosesong tinawag na “Brexit.” Noon pang Marso dapat umalis ang UK sa EU pero hindi ito natuloy dulot ng di pagkakasundo ng mga mambabatas ng UK sa inihapag ni May na kasunduan para sa maayos na paglabas sa UK.

**Ano ang Brexit?**

Pinaikli ng dalawang salita—Britain + *exit* (labas) = “Brexit” o ang katawagang lumabas ang UK o Britain bilang kasaping bansa sa blokeng pang-ekonomyang European Union (EU). Pinalutang ito noong 2013 ni PM David Cameron sa isang pambansang reperendum upang tuluyang malutas na ang usapin—makabubuti ba o hindi sa Britain ang pagiging kasapi ng EU. Sa tantya ni Cameron sa pamamagitan ng reperendum na ito kanyang marerendahan ang matinding anti-Europe na paninindigan ng kanyang kapartido sa Conservative Party nang sa gayon ay maging maayos ang kanyang pamumuno sa bansang nasasadlak sa pang-ekonomyang krisis.

Dalawa ang pinagpipilian ng mga Briton—“Remain or Leave” (manatili o umalis) sa EU.

Lubhang tiwala si Cameron na mananalo ang opsyong “Remain.” Ngunit taliwas sa kanyang inaasahan, nanalo ang opsyong “Leave” (umalis) nang idaos ang pambansang reperendum noong Hunyo 23, 2016. Nakikita ang panalong ito bilang reaksyon ng mamamayan dito sa matinding krisis sa kanilang kabuhayan. Reaksyon ito sa ilang dekada nang pagpapatupad ng mga patakaran sa pagtitipid na nagdulot ng matinding hirap sa bansa. Ginamit ng mga partidong “far-right” o maka-Kanan ang sentimyentong ito para ibunton ang sisi sa maluwag na patakaran ng UK sa migrasyon.

**Ano ang kasunduan para sa Brexit?**

Nakasaad sa inihapag ni May na kasunduan para sa Brexit ang mga probisyong magtatakda sa relasyon ng mga negosyo ng bansa sa iba pang bansa sa EU; mga karapatan ng mamamayan nito na naninirahan sa ibang bansa ng EU, gayundin ang mamamayan ng ibang bansa ng EU na naninirahan sa UK; at ang pakikitungo nito sa Northern Ireland na daluyan ng mga produkto at tao sa pagitan ng UK at EU. Nakasaad din sa naturang kasunduan ang pagbabayad ng UK sa utang nito sa EU na 39 bilyong pounds o $50 bilyon. Kasabay ng kasunduang ito ang isang pahayag na naglalaman ng pakikitungo ng UK sa ibang bansa sa EU sa hinaharap sa mga larangan ng kalakalan, depensa at seguridad.

Tatlong beses nang tinanggihan ng mga myembro ng parlamento ng UK ang kasunduang ito. Kabilang sa hindi napagkakasunduan ang kaayusan sa Northern Ireland na nagsisilbing hangganan sa pagitan ng EU at UK. Lumalakas ang panawagan para sa “no-deal” Brexit o paglabas sa EU nang walang nakapwestong kasunduan at pagtangging bayaran ang €39 bilyon na multa nito. Kapag nangyari ito, mawawala ang mga pribilehiyo ng UK sa pakikipagkalakalan sa mga bansa sa loob ng EU.

Sa ngayon, wala pa ring katiyakan ang Brexit at patuloy na nakakaranas ng ligalig ang mga negosyo at mamamayan dahil dito.

**Paglala ng krisis**

Kakaharapin ng bagong punong ministro ng UK, makabuo man o hindi ng kasunduan sa Brexit, ang lalong paglala sa krisis sa ekonomya’t pulitika ng bansa. Sa ngayon pa lamang, tinatantya na ng pamahalaan na sa loob ng 15 taon, lalago lamang ang ekonomya ng UK sa pagitan ng 4% hanggang 9%.

Bagamat sa Oktubre 31 pa ang pinal na petsa ng pag-alis ng UK sa EU, may iilang kumpanya na ang naglipat ng kanilang mga operasyon sa ibang bansa. Halimbawa nito ay ang Airbus, na nag-eempleyo ng 14,000 manggagawa at sumusuporta sa mahigit 100,000 iba pang trabaho. Nasa Singapore na ang Sony at nakaambang lumipat din ang kumpanyang P&Q.

Sa harap ng pag-atras ng ilang dayuhang mamumuhunan, iniulat ng Society of Motor Manufacturers and Traders na noong Abril ang industriya ng kotse ay nakagawa lamang ng 70,971 kumpara sa 127, 970 ng kaparehong buwan ng nakaraang taon. Halos 44.5% ito ng produksyon ng mga kotse kabilang ang Jaguar, Land Rover, BMW at Peugeot. AB

